## Mensahe Dalawa

## Pagdaranas sa Biyaya ng Diyos sa Ekonomiya ng Diyos

Babasahin sa Kasulatan: Efe. 1:10; 3:9; 1 Tim. 1:4; Gal. 6:18; 1 Cor. 15:10; 2 Ped. 3:18a

I. Ang walang hanggang ekonomiya ng Diyos ay ang magtamo ng isang grupo ng tao, upang maipamahagi ng Tres-unong Diyos ang Kanyang sarili tungo sa kanila upang maging kanilang buhay at lahat-lahat nang sa gayon sila ay maihugpong sa Kanya bilang isa, mapunuan at maokupahan Niya, at maging isang organikong entidad kasama Niya sa lupa upang maging ang Katawan ni Kristo, ang ekklesia, para sa Kanyang sama-samang kahayagan—Efe. 1:3-23:

A. Ang walang hanggang ekonomiya ng Diyos ay ang sentrong linya ng buong Kasulatan—b. 10; 3:9.

B. Ang pagbibigay-kahulugan sa mga Kasulatan ay dapat mahigpit na mapamahalaan ng sentrong linyang ito sa ilalim ng pagliliwanag nito—Luc. 24:27, 32, 44.

C. Ang isang bagay na dapat nating pagtuunan, bigyang- diin, at ihain ay ang Bagong Tipang ekonomiya ng Diyos—1 Tim. 1:4.

D. Ang buhay-Kristyano ay isang buhay na para sa ekonomiya ng Diyos—2 Cor. 5:14-15.

II. "Ang biyaya ng ating Panginoong Hesu-Kristo ay sumainyong espiritu"—Gal. 6:18:

A. Ang tanda ng ekonomiya ng Diyos ay yaong si Kristo ngayon ang biyaya ng Diyos sa ating espiritu—b. 18:

1. Ang ating naisilang na muling espiritu na pinananahanan ng Espiritu ay ang pinagtutuunan ng ipinangakong pagpapala ng Diyos—Juan 3:6; Roma 8:10; 15:29; Efe. 1:3.
2. Kailangan natin ang biyaya ng Panginoon, na siyang masaganang panustos ng nagpapaloob ng lahat na Espiritu, upang mapasaating espiritu—Fil. 1:19; 2 Tim. 4:22.

B. Ang biyaya ni Hesu-Kristo ay ang masaganang panustos ng Tres-unong Diyos (na naisakatawan sa Anak at naisarealidad bilang ang Espiritung nagbibigay-buhay) na tinatamasa natin sa pamamagitan ng pag-eensayo ng ating pantaong espiritu—Juan 1:14; 1 Cor. 15:45b; 2 Tim. 4:22; Filem. 25:

1. Ang biyaya ay ang Diyos Ama na naisakatawan sa Anak na naisarealidad bilang ang Espiritu; sa kasukdulan, ang Espiritu ay ang biyaya—Heb. 10:29.
2. Ang biyayang ito, ang ganap na pagpapasukdol ng Tres-unong Diyos, ngayon ay nananahan sa ating espiritu—Fil. 4:23.
3. Ang ating espiritu ay ang tanging lugar kung saan mararanasan natin ang biyaya—2 Tim. 4:22.
4. Upang matanggap at matamasa ang biyaya, kailangan nating bumaling sa ating espiritu at manatili roon, kinikilala ang Panginoon bilang ang Ulo at ang Hari, nirerespeto ang Kanyang posisyon, iginagalang ang Kanyang awtoridad, at nakikita na ang trono ng biyaya ay nasa ating espiritu—Gal. 6:18; Heb. 4:16.

C. Bilang mga anak ng Diyos, dapat tayong maging yaong mga tumatanggap at nagtatamasa sa biyaya ng ating Panginoon sa ating espiritu—2 Cor. 13:14; Filem. 25:

1. Ang pagtanggap kay Kristo bilang Espiritu ng biyaya ay isang panghabambuhay, tuloy-tuloy na bagay—Juan 1:16; Apoc. 22:21.
2. Araw-araw isang kahanga-hangang dibinong transmisyon ang dapat maganap habang masaganang itinutustos ng Diyos ang Espiritu ng biyaya, at patuloy nating tinatanggap ang Espiritu ng biyaya—Gal. 3:2-5; Juan 3:34.
3. Ang paraan ng pagbubukas ng ating sarili sa makalangit na transmisyon upang matanggap ang panustos ng nagpapaloob ng lahat ng nagbibigay- buhay na Espiritu ng biyaya ay sa pamamagitan ng pag-eensayo ng ating espiritu upang manalangin at tumawag sa Panginoon—1 Tes. 5:16-18; Roma 10:12-13.
4. Habang ating tiantanggap at tinatamasa ang naproseso at napasukdol na Tres-unong Diyos bilang ating biyaya, unti-unti tayong magiging kaisa Niya nang organiko; Siya ay magiging ating bumubuong-sangkap, at tayo ay nagiging Kanyang kahayagan—2 Cor. 1:12; 12:9.

III. "Sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos ako nga ay ako; at ang Kanyang biyaya na ibinigay sa akin ay hindi nawawalan ng kabuluhan,...bagama't hindi ako kundi ang biyaya ng Diyos na sumasaakin"—1 Cor. 15:10:

A. Ang biyaya, na binanggit nang tatlong beses sa 1 Corinto 15:10, ay ang nabuhay na muling Kristo na naging Espiritung nagbibigay-buhay (b. 45) upang dalhin ang naprosesong Tres-unong Diyos sa pagkabuhay na muli tungo sa atin upang maging ating buhay at panustos-buhay nang sa gayo'y makapamuhay tayo sa pagkabuhay na muli:

1. Ang biyaya ay ang Tres-unong Diyos na naging buhay at lahat-lahat sa atin—Juan 1:17; Gal. 2:21.
2. Sa pamamagitan ng biyayang ito na si Saulo ng Tarso, ang pangunahin sa mga makasalanan (1 Tim. 1:15-16), ay naging ang pangunahing apostol, nagpapapagal nang mas sagana kaysa sa lahat ng apostol.
3. Ang ministeryo at pamumuhay ni Pablo sa pamamagitan ng biyayang ito ay isang di-maitatatwang patotoo sa pagkabuhay na muli ni Kristo—2 Cor. 1:12; 12:9.

B. Ang *hindi ako kundi ang biyaya ng Diyos* sa 1 Corinto 15:10 ay katumbas ng *hindi na ako...kundi ...si Kristo* sa Galacia 2:20; ito ay nagpapakita na si Kristo Mismo ay ang biyaya ng Diyos—ang Diyos Mismo ay gumagawa sa pamamagitan ng apostol:

1. Ang biyayang nagganyak kay apostol Pablo at gumawa sa kanya ay hindi isang pangyayari o isang bagay kundi isang buháy na persona, ang nabuhay na muling Kristo, ang pagsasakatawan ng Diyos Ama na naging ang nagpapaloob ng lahat na Espiritung nagbibigay-buhay, na nanahan sa apostol bilang kanyang lahat-lahat.
2. Ito ay tumutugma sa deklarasyon ni Pablo sa Filipos 4:13: "Magagawa ko ang lahat ng bagay sa loob Niya na nagbibigay-kapangyarihan sa akin":
    a. Sa Filipos 4:13 ang *Niya* ay tumutukoy sa nabuhay na muling Kristo na naging Espiritung nagbibigay-buhay.

b. Sa gayong Kristo, si Pablo ay nabigyang-kapangyarihan upang gawin ang lahat ng bagay; ito ang biyaya ng Diyos.

IV. "Magsilago sa biyaya…ng ating Panginoon at Tagapagligtas na si Hesu-Kristo"—2 Ped. 3:18a:

A. Ang biyaya ay ang Tres-unong Diyos bilang buhay at panustos-buhay sa atin at sa loob natin; ang lumago sa biyaya ay ang lumago sa ganitong panloob na pinagmumulan ng tustos ng buhay—1 Ped. 5:10.

B. Ang biyaya ay ang Diyos na naproseso sa pamamagitan ng pagkakatawang-tao, kamatayan, pagkabuhay na muli, at pag-akyat sa langit; lahat ng elementong ito ng biyaya ay nasa loob natin upang maging kaisa natin—Fil. 4:23:

1. Ang biyaya ay ang Diyos Mismo bilang ating buhay upang maging kaisa natin, upang iligtas tayo, upang gumawa ng Kanyang tahanan sa atin, at upang maihubog sa atin; ang lumago sa biyaya ay ang lumago sa paglaki ng Diyos—Col. 2:19.

2. Ang biyaya ay ang pagdalaw ng Diyos sa atin upang mamalagi sa atin at gawin ang Kanyang sarili na kaisa natin; kailangan nating lumago sa gayong biyaya para sa Kanyang kaluwahatian ngayon at hanggang sa araw ng kawalang-hanggan—Apoc. 22:21.

*© 2022 Living Stream Ministry*